


Toolkit sa Kautusan sa Pagberipika ng Pagpapabakuna sa King County (Tagalog na Bersiyon)



Public Health
Seattle & King County





1. Alamin ang Mga Tuntunin
2. Mga Tinatanggap na Katibayan ng Pagpapabakuna at Pagsusuri
3. Gumawa ng Plano sa Pagpapatupad
4. Pakikipag-usap sa Mga Empleyado at Customer
5. Mga Sitwasyon
6. Karatula
7. Mga Dulugan sa Access
8. Mga Madalas Itanong



Alamin ang Mga Tuntunin



Basahin ang opisyal na King County Health Order (Kautusan sa Kalusugan sa King County) sa pamamagitan ng pag-click dito. Nasa wikang Ingles lamang ang kautusan. Makikita ang buod sa ibaba.

KAILAN ITO MAGSISIMULA:

Oktubre 25, 2021. Sa mga panloob na kainan, bar, at tindahan ng alak na may kapasidad na mas mababa sa 12 tao, sisimulan ang pagpapatupad sa Disyembre 6, 2021.

KANINO ITO NALALAPAT:

Mga indibidwal na 12 taong gulang pataas. Hindi papayagan ang diskriminasyon. Hindi maaaring siyasin nang mas masinsinan ng mga negosyo ang katibayan ng pagpapabakuna batay sa lahi, bansang pinagmulan, relihiyon, seksuwal na oryentasyon, kasarian, kapansanan o edad.

KAILAN ITO MATATAPOS:

Hindi inaasahang magiging permanente ang buong kautusan. Susuriin ang patakarang ito nang hindi lalampas sa anim na buwan mula Oktubre 25, 2021 para sa posibleng pagpapatagal batay sa mga kondisyon ng pagkalat ng virus sa hinaharap.

SAAN ITO NALALAPAT:

- Mga panloob na restaurant at bar, kasama ang mga tasting room para sa wine, beer, at spirit
- Mga lugar para sa sining at libangan
- Mga gym kasama ang mga fitness studio gaya ng para sa yoga, pagsasayaw at martial arts
- Mga panlabas na kaganapan na may higit sa 500 tao kasama ang mga kaganapan para sa sports, concert, at pagtatanghal
- Mga panloob na espasyo para sa kaganapan na nirentahan para sa mga pribadong pagtitipon, gaya ng mga kasal at party na isinasagawa sa negosyong napapailalim sa kautusang ito gaya ng restaurant, lugar para sa tugtugan, o music venue, o establisimyento para sa libangan
- Mga bowling alley





Saan Kinakailangan ang Katibayan ng Pagpapabakuna o Negatibong Pagsusuri?

Lokasyon (hindi ito isang komprehensibong listahan)

Kinakailangan

Lubos na inirerekomenda pero hindi kinakailangan

Hindi Kinakailangan

Mga bar at restaurant na may panloob na kainan	X		
Mga sinehan, gym at panloob na espasyo para sa fitness, mga panloob na lugar para sa performing arts (sining sa pagganap), mga panloob na kumbensiyon o kumperensiya	X		
Mga panloob na panlibangang espasyo (tulad ng mga bowling alley, sentro para sa panlibangang laro, panloob na espasyo para sa soccer, atbp.)	X		
Mga panlabas na kaganapan para sa sports o libangan na may higit sa 500 tao	X		
Mga pribadong kaganapan, kasal, at party na isinasagawa sa isang lugar ng negosyo (gaya ng lugar para sa kasal, restaurant, o lugar para sa tugtugan)	X		
Mga pribadong kaganapan, kasal, at party na isinasagawa sa pribadong tahanan o organisasyon para sa pananampalataya			X
Pagkain sa labas, take out, mga food court			X
Mga cafeteria para sa empleyado o ng paaralan, mga kaganapan sa sports ng gitna at mataas na paaralan			X
Mga organisasyon para sa pananampalataya		X	
Mga retail na tindahan		X	
Mga panlabas na street fair, night market (mga tindahang sa gabi lamang nagbubukas), at merkado ng mga magsasaka			X




Hindi Kasama

- Mga panloob o panlabas na pangkabataang kaganapan para sa sports para sa mga kalahok na nag-aaral sa elementarya, gitnang paaralan, at mataas na paaralan, at mga nanonood sa mga kaganapang ito
- Pagkain sa labas
- Take-out mula sa mga restaurant, tindahan ng alak, at bar kasama ang mga cafe, tindahan ng pagkain, at coffee shop
- Mga pagkain sa loob ng mga gusaling pangunahing hindi para sa mga layuning hindi pang-pagkain, gaya ng sa mga airport, food court sa mall, at cafeteria sa paaralan
- Mga libing
- Mga kasal, maliban sa mga isinasagawa sa alinman sa mga pampublikong panloob na establisimyento na nakasaad sa itaas. Gayunpaman, lubos na inirerekomenda ang katibayan ng pagpapabakuna o dokumentasyon ng negatibong pagsusuri sa COVID-19.
- Mga pagtitipon para sa pananampalataya, maliban sa mga isinasagawa sa alinman sa mga pampublikong panloob na establisimyento na nakasaad sa itaas. Gayunpaman, lubos na inirerekomenda ang katibayan ng pagpapabakuna o dokumentasyon ng negatibong pagsusuri sa COVID-19.
- Mga sentro sa pagboto na inaprubahan ng King County Elections, na isinasagawa sa anumang lokasyon.

Ganap na Nabakunahan

Ang ibig sabihin ng “Ganap na Nabakunahan” ay:

- *Natanggap ng isang tao ang lahat ng kinakailangang dosis ng isang bakuna sa COVID-19 na inawtorisahan ng Food and Drug Administration (FDA, Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot) (dalawang dosis ng bakuna ng Moderna o Pfizer-BioNTech, o isang dosis ng bakuna ng Johnson & Johnson)*
- *Serye ng bakuna sa COVID-19 na inawtorisahan ng World Health Organization (WHO, Pandaigdigang Organisasyon sa Kalusugan) at 14 na araw na ang lumipas mula noong panghuling dosis.”*



Mga Tinatanggap na Katibayan ng Pagpapabakuna




Mga Tinatanggap na Katibayan ng Pagpapabakuna



Litrato ng card sa pagpapabakuna




Card sa pagpapabakuna



Naka-print na rekord mula sa provider ng bakuna o MyIRmobile.com



Rekord mula sa MyIRMobile.com o ibang app




Mga Tinatanggap na Katibayan ng Negatibong Resulta ng Pagsusuri




Mga Tinatanggap na Katibayan ng Negatibong Resulta ng Pagsusuri

- Naka-print o digital na dokumentasyon mula sa:
 - Botika
 - Provider ng
 - Pagsusuri sa Laboratoryo
- PCR test na inaprubahan ng FDA na kinuha sa nakaraang 72 oras
- Rapid test na inaprubahan ng FDA na isinagawa ng provider ng pagsusuri sa lugar mismo sa kagapanan



Negatibong pagsusuri sa COVID sa nakaraang 72 oras




Gumawa ng Plano sa Pagpapatupad



Magkakaiba ang pagpapatakbo ng bawat negosyo, pero mahalagang magplano nang maaga para tiyakin ang maayos na pagpapatupad ng bagong patakarang ito.

- Tukuyin ang mga petsa at oras para sa mga pagpupulong ng mga tauhan at anumang kinakailangang pagsasanay.
- Magsabit ng karatulang ipinapakita sa mga customer na sumusunod ang iyong negosyo sa kautusan ng King County.
- Tukuyin at sabihin sa mga tauhan ang pinanaaangkop na oras para hilingin ng mga empleyado sa mga tumatangkilik ang katibayan.
- Kung nagsasagawa ng rapid testing sa lugar, ibalangkas ang prseso at sabihin sa mga empleyado ang prosesong iyon.
- Magsagawa ng mga pagsasanay sa mga empleyado para tiyaking pamilyar sila sa mga may bisang katibayan ng pagpapabakuna, mga pagsusuri sa COVID-19 at mga patakaran laban sa diskriminasyon.
- Pag-usapan ang mga posibleng sitwasyon sa mga empleyado (tingnan ang mga ideya sa seksyong "Mga Sitwasyon").






Pakikipag-usap sa Mga Empleyado



Pagsasanay sa Mga Empleyado

- Magsagawa ng pagpupulong ng pangkat para ibahagi ang mga dahilan para sa pagbabago ng patakaran at sagutin ang mga tanong.
- Magpadala ng nakasulat na mensahe sa lahat ng miyembro ng team na ibinabalangkas ang plano sa pagpapatupad at nagbabahagi ng mga dulugan.
- Ipaskil ang kautusan ng King County at poster sa dulugan ng empleyado sa isang lugar na madali itong makikita.
- Magbigay ng paraan para makapagtanong ang mga empleyado
- Magbibigay ang King County ng karatula sa iba't ibang wika na maaaring ibahagi para pabutihin ang komunikasyon sa customer/tumatangkilik. Dapat malaman ng bawat empleyado kung saan makikita ang mga dulugan sa maraming wika. Pag-isipang mag-laminate ng isa sa bawat wika para maging sanggunian.

KC Vax Verified Webinar (Webinar sa
Napatunayang Pagpapabakuna sa King County)
Nasa wikang Ingles lamang ang webinar



Pakikipag-usap sa Mga Customer



Mahalagang malaman ng mga empleyado at customer kung BAKIT ipinapatupad ang mga panukalang ito. Narito ang ilang inirerekomendang mensahe na magagamit mo para ibahagi sa iyong mga empleyado at customer.

BAKIT

- Bilang isang komunidad ng negosyo, nakatuon kami sa pagpapanatiling nakabukas ang mga negosyo at sa pagprotekta sa mga empleyado, customer, at miyembro ng komunidad para tiyakin ang ating paglago at tagumpay.
- Dahil sa kamakailang biglaang pagtaas ng mga kaso ng COVID-19, naglabas ang King County ng kautusan para protektahan ang ating komunidad kung saan inaatas ang katibayang nabakunahan ang mga tao o na mayroon silang negatibong pagsusuri sa COVID-19 sa mga pampublikong kaganapan at establisimyento.
- Ipinakilala ng King County ang pag-aatas sa katibayan sa pagpapabakuna bilang isang paraan para protektahan ang mga empleyado at customer sa pamamagitan ng suporta ng pamahalaan ng county.
- Ang aming responsibilidad ay magbigay ng mga pinakaligtas at pinakamalusog na kapaligirang posible para sa ating komunidad habang pinapayagang manatiling bukas ang mga negosyo. Ang katibayan ng pagpapabakuna ang pinakamahusay na paraan na mayroon tayo para gawin iyon.



Mga Sitwasyon



Ibig sabihin ng atas ng King County sa pagberipika ng pagpapabakuna na dapat na ngayong magpakita ang mga indibidwal na may edad na 12 at higit pa ng katibayan ng pagpapabakuna laban sa COVID-19 o ng negatibong pagsusuri. Gayunpaman, maaaring mag-alok ng mga alternatibo ang mga negosyo kapag naaangkop. Maaaring kasama sa mga alternatibo ang:

- Pagpapaupo sa mga customer sa panlabas na lugar
- Pagkonekta sa mga customer sa mga katulad na opsiyon sa lugar
- Pagbibigay ng opsiyon para mag-take out
- Pagbibigay ng panlabas na lugar ng gym
- Pagturo sa mga customer sa mga virtual na dulugan

Tandaan, hindi dapat kuwestiyunin ng mga negosyo ang kapansanan ng sinuman at hindi rin nila dapat imbestigahan ang pagiging totoo ng isinaad na exemption ng customer. Hindi rin dapat tratuhin ng mga negosyo ang customer sa ibang paraan batay sa kanyang lahi, kulay, ninuno, bansang pinagmulan, lugar ng kapanganakan, kasarian, edad, relihiyon, pananampalataya, kapansanan, seksuwal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, timbang o tangkad.

HINDI KAILANMAN dapat subukan ng mga negosyo na tugunan sa pisikal na paraan ang isang palaban o marahas na customer na tumatangging sumunod. Sa ibaba, makikita ng mga negosyo ang mga sitwasyon para tumulong na maging handa sa mga posibleng pakikipag-unayan.



- Sinabi ng customer/tumatangkilik na hindi siya maaaring tumanggap ng bakuna dahil sa umiiral na kondisyon ng kalusugan o kapansanan
 - Maaaring humiling ang mga negosyo ng negatibong pagsusuri sa COVID-19 bilang alternatibo. Maaari itong isang rapid test na ibinibigay sa mga lugar ng kaganapan o isang PCR test. Hindi tinatanggap ang mga pagsusuri sa bahay.
 - Kung walang negatibong pagsusuri sa COVID-19 ang customer/tumatangkilik, o tumatanggi siyang sumailalim dito, maaaring mag-alok ang mga negosyo ng alternatibo sa labas, mga opsiyon na takeout o delivery, kung available.

- Tumatanggi ang customer/tumatangkilik na magbigay ng katibayan ng pagpapabakuna o negatibong pagsusuri sa COVID-19
 - Maaaring ipaliwanag ng mga negosyo na isa itong kautusan ng King County at na hindi makakapagbigay ang establisimyento ng panloob na serbisyo kung wala ang katibayan.
 - Maaaring mag-alok ng mga alternatibo ang mga negosyo gaya ng mga opsiyon sa labas o takeout.
 - Dapat gawin ng mga negosyo ang lahat ng kanilang makakaya para ipatupad ang kautusang ito pero hindi sila mananagot para sa gawi ng customer.




- Naging mapagbanta o marahas ang isang customer/tumatangkilik
 - Hilingin sa tumatangkilik na umalis sa establisimyento. Huwag makipaglaban o magbanta. Available ang higit pang tip sa pagtugon sa isang taong naging mapagbanta mula sa Crisis Prevention Institute (Institusyon sa Pagpigil sa Krisis).
 - Tumawag sa 911 at mag-ulat sa King County sa 206-477-3977. Dapat lamang tawagan ang mga emergency responder kung naging mapagbanta o marahas ang isang tao at hindi para sa karaniwang pagpapatupad ng patakaran sa pagberipika ng pagpapabakuna.

- Nagdala ang indibidwal ng home rapid COVID test
 - Sa ilalim ng kautusang ito, hindi tinatanggap ang mga pagsusuri sa bahay. Ang mga pagsusuri ay dapat na mga rapid test na ibinibigay sa lugar o PCR test mula sa isang medikal na propesyonal.
 - Maaaring ialok sa mga indibidwal na ito ang mga alternatibo sa labas.

- Walang katibayan ng pagpapabakuna ang indibidwal at hindi rin siya makapagbigay ng negatibong pagsusuri sa COVID-19, pero nangangako siyang magsusuot ng mask habang nasa loob
 - Hindi akomodasyon ang pagsusuot ng mask. Ang mga negosyo ay maaaring mag-alok sa tumatangkilik na ito ng mga makatuwirang alternatibo na nasa labas o nagpapahintulot sa kanilang mapagsilbihan ng to-go (pagkaing maaaring dalhin sa ibang lugar).

- Sinasabi ng indibidwal na hindi niya kailangang magbigay ng katibayan ng pagpapabakuna dahil wala siyang planong kumain o uminom
 - Nalalapat ang kautusang ito sa lahat ng indibidwal na 12 taong gulang at pataas sa mga may silong na establisimyento at pampublikong kaganapan. Kakailanganing magbigay ng indibidwal na ito ng katibayan ng pagpapabakuna, negatibong pagsusuri sa COVID-19 o bibigyan siya ng alternatibo sa labas
- Pinaghihinalaan ng negosyo na peke ang ibinibigay ng customer na katibayan sa pagpapabakuna o pagsusuri sa COVID-19.
 - Isa itong kautusang nakabatay sa tiwala sa isa't isa. Dapat sumuporta ang mga negosyo sa abot ng kanilang makakaya at huwag makibahagi sa anumang kaguluhan.
- Tinatanong ng isang bumabalik na customer na dating nagpakita ng mga rekord ng pagpapabakuna kung kailangan niya talagang magpakita ng katibayan sa bawat pagkakataon
 - Dapat magbigay ng katibayan ng pagpapabakuna o negatibong pagsusuri sa COVID-19 ang customer/tumatangkilik sa bawat pagkakataon.



Karatula

Makikita dito ang mga karatula na nasa wikang Ingles lamang:

- *8x11 na Karatula*
- *11x17 na Karatula*



Mga Dulugan sa Access



- Opisyal King County Health Order
- Mga Madalas Itanong Tungkol sa King County Public Health (Pampublikong Kalusugan sa King County)
- Seattle Metro Chamber (Kamara ng Metropolitanano ng Seattle) - Mga Dulugan ng Negosyo
 - KCVaxVerified.com
- Karatula ng Negosyo na Nasa Ingles Lamang
 - 8x11 na Karatula
 - 11x17 na Karatula
- Patnubay sa Pagsasanay ng Empleyado
- Mga Linya ng Dulugan para sa May Limitadong Kasanayan sa Ingles:
 - Amharic: 206-825-4240
 - Arabic: 206-486-2669
 - Korean: 425-776-2400
 - Somali 253-317-3251
 - Espanyol: 888-502-9597
 - Tigrinya: 206-486-2669
 - Mandarin & Cantonese Information Center
 - Mga taong higit sa 55 taong gulang: 206-816-4991
 - Mga taong mas bata sa 55 taong gulang: 206-330-4627



Mga Madalas Itanong

Bisitahin: kcvaxverified.com/faq